



Saan makakakuha ng bakuna sa trangkaso

Sa panahon ng COVID-19 na pandemya, ginagawa ng mga tagapagbigay ang lahat upang mapanatili kang ligtas, saan mo man planong kunin ang bakuna. Kabilang sa karagdagang mga hakbang sa kaligtasan ang:

- mga serbisyo sa bakuna para sa may sakit at malusog na mga pasyente sa magkahiwalay na lugar o sa ibang oras
- mga kinakailangan sa pagsuot ng panakip mukha
- karagdagang pagdisimpekta sa pagitan ng mga appointment
- pisikal na pagdistansya sa mga lugar ng hintayan

Para sa mga residente ng San Francisco na may insurance, ang bakuna sa trangkaso ay malawak na makukuha sa mga opisina ng mga tagapagbigay, mga botika, at mga klinika.

- **Tanungin muna ang opisina ng iyong doktor o klinika ng pangunahing tagapangalaga,** na kung saan madalas ay ang pinakamahusay at pinakamurang lugar na makukuha ang bakuna.
- Ang mga bakuna sa trangkaso ay makukuha sa mga botika, tulad ng Walgreens at CVS. Tawagan ang iyong lokal na botika upang kumpirmahin na sakop ng iyong insurance ang pagbayad ng bakuna sa trangkaso at mag-iskedyul ng appointment.

Ang bakuna sa trangkaso ay makukuha ng publiko sa klinika ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng San Francisco, marami ay libre o sa murang halaga.

- **AITC Immunization & Travel Clinic (Bakuna & Paglalakbay Klinika)**
101 Grove St., Silid ng 102
415-554-2625, www.sfcdcp.org/aitc
Lunes-Biyernes, 9am-3pm
(sarado ng 12:30-1:30pm)
Kinakailangan ng appointment

Para sa mga residente ng San Francisco na walang insurance, ang libreng bakuna sa trangkaso ay makukuha sa mga sumusunod na lokasyon. Inirerekomenda ang pag-iskedyul ng appointment.

- **ZSFG campus (Carr Auditorium)**
22nd St. and San Bruno Ave.,
Building 3, Room 101
415-682-1740
Lunes-Biyernes, 9am-5pm
- **Southeast Health Center**
2401 Keith St.
415-682-1740
7 araw sa linggo, 8am-5pm
- **HopeSF Sunnydale**
1652 Sunnydale Ave.
628-217-5320
Lunes-Biyernes, tumawag para sa mga oras
- **Maxine Hall Health Center**
1181 Golden Gate Ave.
415-682-1740
Lunes-Biyernes, 9am-5pm
- **San Francisco Free Clinic (sa pamamagitan ng appointment lamang)**
4900 California St.
415-750-9894
Lunes-Biyernes, 9:30-10am at 4-4:30pm

Ang lahat ng mga residente ng San Francisco ay maaaring kumuha ng libreng bakuna sa trangkaso ng walang appointment sa sumusunod na lokasyon:

- **CCC Flu Clinic at OMI**
50 Broad St.
sfcdcp.org/flushots
Biyernes, 10am-4pm

